PAGBISITA SA PODIATRIST

Bakit ka bibisita sa podiatrist?

Susuriin ng podiatrist ang kalusugan ng iyong mga paa, hahanapin niya ang mga problema sa paa at gagamutin niya ito. Maaari rin niyang sabihin sa iyo kung paano pinakamahusay na alagaan ang iyong mga paa, kabilang na kung ano ang susuotin sa iyong mga paa.

Gaano kadalas kang bibisita?

Kung gaano kadalas mong kinakailangang ipasuri ang iyong mga paa ay magdedepende sa kalusugan ng iyong mga paa.

6 hanggang 12 buwan

Kahit na malusog ang iyong mga paa, bumisita sa podiatrist bawat 6 hanggang 12 buwan para sa pagtatasa ng mga paa ng taong may diabetes.

3 hanggang 6 na buwan

Kung ang iyong mga paa ay nanganganib na magkaroon ng mga problema sa paa, maaaring kinakailangan mong ipasuri ang iyong mga paa bawat 3 hanggang 6 na buwan.

2 hanggang 4 na linggo

Kung may kasalukuyang mga problema ka sa paa, katulad ng mga ulser, maaaring kakailanganin mong makipagkita sa iyong podiatrist o doktor nang mas madalas para sa paggamot. Maaari itong bawat 2 hanggang 4 na linggo.

Ano ang sinusuri ng podiatrist?

Susuriin ng podiatrist ang iyong nerbiyo at supply ng dugo pati na rin ang pangkalahatang kondisyon ng iyong mga paa. **Kung walang podiatrist sa iyong lugar, maaaring suriin ng iyong doktor o practice nurse ang iyong mga paa.**

Mga opsyon sa pinansyal na suporta

May iba't ibang paraan upang masuri ang iyong mga paa ng podiatrist:

Maaari kang i-refer ng iyong doktor para sa hanggang 5 pagbisita kada taon sa pamamagitan ng Medicare sa isang hanay ng mga propesyonal sa kalusugan kabilang ang podiatrist.

Kung may pribadong segurong pangkalusugan ka, maaaring sasaklawin ng iyong plan ang mga pagbisita sa podiatrist.

Kung may Department of Veteran Affairs (DVA) gold card ka, may karapatan ka para sa libreng mga serbisyo ng podiatrist mula sa mga pribadong podiatrist.

Kung kailangan mo ng paggamot para sa mga problema sa paa katulad ng ulser, maaari kang i-refer ng iyong doktor sa isang serbisyo para sa mataas na panganib ng paa sa isa sa mga pampublikong ospital.

Mangyaring tandaan na ang ilang podiatrist ay maaaring sumingil ng higit sa rebate ng Medicare. Ibig sabihin nito na magkakaroon pa rin ng *gap payment* na babayaran mo. Samakatuwid, magandang ideya na malaman ang tungkol sa posibleng *mga gap payment* bago magtakda ng appointment.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kalusugan ng paa na nauugnay sa diabetes, pumunta sa www.footforward.org.au

ads Australian Diabetes Society
diabetes australia
The NDSS is administered by Diabetes Australia